PANGONGOLEKTA NG IMPORMASYON

upang mas mainam na matugunan ang mga pangangailangan ng mga bagong dating sa Canada

Ang Pagkamamayan at Imigrasyon Canada (Citizenship and Immigration Canada / Citoyenneté et Immigration Canada (CIC)) ay tumutulong sa mga imigrante, kabilang ang mga refugee, na mag-settle sa Canada. Upang gawin ito, pinopondohan namin ang mga organisasyon sa buong bansa upang makapagbigay sila ng mga serbisyo sa mga bagong dating, tulad ng training sa wika at pagpapayo sa karera. Upang masigurado na nakukuha ng mga bagong dating ang mga tamang serbisyo, kailangan namin ang iyong tulong.

Ang organisasyon na pinopondohan ng CIC at nagbibigay sa iyo ng mga serbisyong ito ay hihingi sa iyo ng ilang takdang personal na impormasyon: ang iyong buong pangalan, petsa ng kapanganakan, at immigration number o immigration document. Hinihikayat ka naming ibigay ang impormasyon na ito kapag ito'y hiniling.

Ibinibigay ng iyong service provider na organisasyon ang impormasyong ito sa CIC. Sa prosesong ito, pananatilihin naming kompidensiyal ang iyong impormasyon. Ang iyong personal na impormasyon ay hindi gagamitin para sa anumang ibang layunin nang wala ng iyong pahintulot. Mayroon kang karapatang hilingin ang iyong service provider na ipakita sa iyo ang impormasyon na ito kahit kailan.

Bakit nangongolekta ang CIC ng personal na impormasyon

Nangongolekta ang CIC ng personal na impormasyon upang mas maunawaan ang mga pangangailangan ng mga bagong dating. Gamit ang impormasyon na ito, masisigurado namin na mahusay ang pagpapalakad ng mga service provider na organisasyon, makapagpapasiya kami kung paano namin mapapahusay ang mga serbisyong pinopondohan namin, at maiuulat namin sa publiko kung mahusay man o hindi ang pagpapalakad ng aming mga programa. Upang magawa itong lahat, ang iyong impormasyon tungkol sa mga serbisyong kinakailangan mo at mga serbisyong ginamit mo ay pinagsasama-sama namin sa mga detalyeng ibinigay mo nang ikaw ay nag-aplay na magpunta sa Canada.

Ang impormasyon na ito ay ginagamit ng mga organisasyon na nagbibigay ng serbisyo upang makapagplano at mapamahalaan ang aming mga programa at mga serbisyo na ibinigay sa iyo.

Kaya ang iyong impormasyon ay nakakatulong sa amin na masigurado na ang mga serbisyo ay akma sa iyong mga pangangailangan.

Ang iyong personal na impormasyon ay protektado

Habang ang CIC ay may awtoridad na mangolekta ng iyong personal n aimpormasyon sa ilalim ng *Batas ukol sa Imigrasyon at Proteksyon sa Refugee (Immigration and Refugee Protection Act / Loi sur l'immigration et la protection des réfugiés)*, iniaatas ng batas ng pagka-pribado sa Canada na protektahan ng pederal na pamahalaan ang iyong personal na impormasyon. Ang iyong impormasyon ay hindi maaaring ibahagi maliban sa pinahihintulutan sa Pribadong Batas *(Privacy Act / Loi sur la protection des renseignements personnels)*. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang http://laws-lois.justice.gc.ca/eng/acts/P-21/page-3.html#h-6.

Ang personal na impormasyon na iyong ibibigay ay itatago sa isang bangko ng personal na impormasyon, isang uri ng database na tinatawag na Mga Serbisyo sa Pananahanan at Integrasyon *(Settlement and Integration Services / Services d'établissement et d'intégration)*. Ito'y maytoon ding ilang impormasyon na ibinigay mo nang nag-aplay kang magpunta sa Canada. Ang bangko na ito ay pag-aari ng Pamahalaan ng Canada. Upang

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang www.cic.gc.ca/english/department/atip/index.asp

© Her Majesty the Queen in Right of Canada, represented by the Minister of Citizenship and Immigration, 2013

malaman kung anong mga uri ng personal na impormasyon ang nakatago sa Settlement and Integration Services bank (PIB # CIC PPU 062), tingnan ang www.cic.gc.ca/english/department/atip/infosource/pibs.asp..

Maaari mong makita ang iyong CIC rekord ng personal na impormasyon sa pamamagitan ng paghiling na makita ang impormasyon o paggawa ng isang paghiling sa *Batas ukol sa Pagka-pribado.* Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang www.cic.gc.ca/english/department/atip/index.asp.